Sinuman ang magsagawa ng wudhu sa araw ng Jumu`ah,dahil rito [ay naisagawa niya ang sunnah] at siya ay tatangkilikin,at sinuman ang maligo,ito ay higit na mainam

Ayon kay Samrah, malugod si Allah sa kanya.-Hadith na Marfu: ((Sinuman ang magsagawa ng wudhu sa araw ng Jumu`ah,dahil rito [ay naisagawa niya ang sunnah] at siya ay tatangkilikin,at sinuman ang maligo,ito ay higit na mainam))

[Maganda] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Nagsalaysay nito si Imām Ad-Dārimīy]

"Sinuman ang magsagawa ng wudhu sa araw ng Jumu`ah" ang ipinapahiwatig rito ay;ang pagasasagawa ng wudhu sa dasal ng Jumu`ah "dahil rito [ay naisagawa niya ang sunnah]" ibig sabihin ay: isinagawa niya ang sunnah at pagpapahintulot," at siya ay tatangkilikin" ibig sabihin ay tinatangkilik ang kanyang ginawa,dahil sa pagsagawa niya ng sunnah,ito ay papuri sa kanya. " At sinuman ang maligo ito ay higit na mainam"Ibig sabihin: sinuman ang maligo sa araw ng Jumu`ah kasama ang pagssasagawa ng wudhu,ito ay higit na mainam mula sa pagsasagawa lamang ng wudhu na walang pagligo,at dahil dito ay pinanghawakan ito ng karamihan sa mga may kaalaman,at kabilang sa kanila ay ang apat na Imam,at kabilang din sa mga patunay nila: Ang Hadith ni Imam Muslim : ((Sinuman ang magsagawa ng wudhu at pinag-inam niya ang pagsasagawa nito,pagkatapos ay nagsagawa siya ng [pagdarasal na] Jumu`ah,nakinig at nanahimik,patatawarin sa kanya ang pagitan ng Jumu`ah sa darating na Jumu`ah,ay may karagdagang tatlong araw)

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10035